

# Lupon ng Pag-uugnay sa mga Ahensya (Interagency Coordinating Council o ICC) sa Maagang Interbensyon

Mga Katitikan ng Komite sa Komunikasyon at  
Pakikipag-ugnayan

Abril 1, 2026

[Pagre-rekord ng Pulong](#)



# MGA KATITIKAN NG PULONG

---

## PAGBUBUKAS

- Maligayang Pagdating
- Mga Bagay ng Pag-aayos
- Mga Pagpapakilala/Roll Call
- Pagrepaso ng Adyenda

## MGA UPDATE MULA SA MGA KAPWA TAGAPANGULO (CO-CHAIR) NG KOMITE

- Ibinahagi ni Jasmine Suo ang mga bagay na dapat gawin sa pag-aayos, kabilang ang kung paano gamitin ang interpretasyon sa Espanyol at American Sign Language (ASL), kung paano magbahagi ng mga komento, at kung paano gamitin ang chat.
- Inanyayahan ni Jane Lee ang mga dumalo na ilagay ang kanilang pangalan at ahensya sa chat para sa roll call.
- Tinanggap ni Robert Rochin ang lahat at binanggit na ang adyenda ay kinabibilangan ng mga update, pagsusuri ng progreso sa adyenda ng Oriyentasyon ng Bagong Miyembro at mga slide ng presentasyon, pampublikong opinyon, at pagkatapos ay pagboto kung kinakailangan.

## REPASUHOM ANG PROGRESO SA MGA MATERYALES PARA SA ORYENTASYON NG BAGONG MIYEMBRO

- Ibinahagi ni Robert Rochin na sa mga nakaraang pagpupulong, nirepaso ang oryentasyon, adyenda, at kasalukuyang PowerPoint at nangalap ng mga suhestiyon. Kasalukuyan niyang pinoproseso ang mga komento at nakabuo na siya ng balangkas ng mga pangunahing pagbabago. Ang pokus ay nasa malinaw na wika, malinaw na daloy, ang “bakit,” ang papel ng mga miyembro, at ang epekto, na may pangkalahatang pananaw bilang isang bagong miyembro ng ICC. Hindi pa nirerepaso ni Doug Erber ang balangkas. Ang oryentasyon ay ilagay sa online, maaaring ihatid nang live o naka-record, at ang balangkas ay kinabibilangan ng sumusunod na mga seksyon.
  - Maligayang Pagdating

- Bakit Ito Mahalaga
- Ano ang Maagang Interbensyon?
- Ano ang ICC?
- Ano ang Ginagawa ng ICC?
- Mahalaga ang Iyong Tinig
- Mga Paksa na Pinagtutuunan ng ICC
- Paano Nakakaapekto ang Trabaho ng ICC sa mga Pamilya
- Isang Maikling Kasaysayan
- Paano Nakaayos ang ICC
- Sino ang mga naglilingkod sa ICC?
- Ano ang Dapat Asahan
- Mga Pagpupulong ng ICC
- Suporta para sa Iyo
- Mga mapagkukunan
- Pagsisimula
- Nagustuhan ni Yuuko Johnson ang balangkas at nagtanong kung paano mapapataas ang katumpakan ng seksyong “Kasaysayan,” tulad ng pangalan ng gobernador, Bahagi H sa pamagat ng makasaysayang batas, at mga umiiral na pakikipagtulungan.
  - Umaasa si Robert Rochin na makapagsama ng isang infographic tungkol sa kasaysayan ng ICC at mga hyperlink upang matuto pa.
- Nagustuhan ni Julie Maier ang balangkas, lalo na ang pambungad at ang impormasyon kung bakit mahalaga ang gawain. Nagustuhan ni Julie ang ideya ng mga hyperlink upang matuto pa tungkol sa kasaysayan para hindi nakakalula ang bahaging iyon. Para sa maikling testimonyal na video sa seksyong “Sino ang mga naglilingkod sa ICC?,” iminungkahi ni Julie na magkaroon ng mga nakasulat na bersyon dahil kailangang maging naa-access ang lahat ng video. Sa “Mahalaga ang Iyong Tinig,” nagustuhan niya ang balanse ng pagtukoy sa mga kakulangan ngunit pati na rin kung ano ang epektibo. Sinang-ayunan din ni Julie ang ideya na magbigay ng link sa survey o QR code sa mga miyembro pagkatapos ng kanilang unang pagpupulong sakaling mayroon silang mga tanong o nais nilang makipag-ugnayan sa isang tao.
  - Sumang-ayon si Robert Rochin tungkol sa pagbabalanse ng lalim ng kasaysayan ng ICC at mga paraan upang higit pang matuto. Binanggit niya ang kahalagahan na maging naa-akses ang lahat ng mga video at, bilang alternatibo kung kinakailangan, ang pagkalap ng mga pahayag at larawan ng mga taong nagbibigay ng testimonya. Nagustuhan din niya ang ideya ng isang QR code na nag-aanyaya sa mga bagong miyembro na makipag-ugnayan at binanggit niya ang pangangailangang pag-isipang mabuti ang mga detalye ng ideyang iyon.
- Maghihintay si Robert Rochin sa pag-update ng adyenda hanggang sa magawa ang mga slida ng presentasyon.

- Tinanong ni Yuuko Johnson kung gaano katagal ang oryentasyon.
  - Iminungkahi ni Robert Rochin na isang oras o mas mababa pa.
  - Sumang-ayon si Julie Maier tungkol sa isang oras na haba.
- Tinanong ni Julie Maier kung dapat bang magbigay ng puna sa kasalukuyang mga slide ng presentasyon.
  - Ipinahayag ni Robert Rochin na wala nang karagdagang puna na kinakailangan sa mga slide sa ngayon. Kailangan niyang maaprubahan muna ang balangkas bago gumawa ng mga slide. Humingi siya ng mga suhestiyon tungkol sa draft na balangkas, na ibabahagi sa mga miyembro ng komite.
- Naisip ni Yuuko Johnson na magkaroon ng pagpapakilala sa simula, sa panahon ng “Maligayang Pagdating,” tulad ng pagbabahagi ng mga pangalan ng tao at kung saan sila nagmula. Iminungkahi ni Yuuko na ulitin ang impormasyon sa dulo ng presentasyon.
  - Napansin ni Robert Rochin na maaaring magkaiba ang mga pagpapakilala depende kung ang presentasyon ay live o asinkrono at nagustuhan niya ang ideya na magkaroon ng mga pagpapakilala sa simula. Isinasaalang-alang niya ang pagkakaroon ng mga tala na magagamit para sa sinumang mamumuno sa presentasyon upang suportahan ang pagpapadaloy.

## PAMPUBLIKONG PUNA

- Walang mga komento sa panahong ito.

## PAGBOTO SA ANUMANG IMINUMUNGKAHING BAGAY NG AKSYON AT MGA SUSUNOD NA HAKBANG

- Mga bagay na kailangang gawin
  - Makikipagkita si Robert Rochin kay Doug Erber bago ang susunod na pagpupulong upang suriin ang balangkas. Mula doon, gagawin ang mga slide ng presentasyon.
  - Ibahagi ni Jane Lee ang balangkas para sa puna at pag-edit ng komite.
- Ipinahayag ni Robert Rochin na ang susunod na pulong ng ICC ay isang hibrido (hybrid) na pulong na gaganapin sa Eastern Los Angeles Regional Center.
- Ang pagpupulong ay tinapos ng alas 12:56 ng hapon.

# MGA DUMALO

---

## MGA KINAKATAWAN NG KOMUNIDAD NA DUMALO

Jadolphus Fraser  
Julie Maier

Robert Rochin

Yuuko Johnson

## MGA TAGASALIN NA DUMALO

Elizabeth Vega, ASL

Marc Guitierrez, Kastila

Rick Haffner, ASL

## IBA PANG DUMALO

Andrea Grimes

Hannah Rosato, DSS

Joni Hasselbring, DDS

Angie Luu, SGPRC

Jane Lee (DDS)

Rachel Wilson, DDS\*

Camila Serrano

Jasmine Suo, DDS\*

Ryan Digman, DDS\*

Cathy Schulze, DDS

Jenine Schmidt (WestEd)

Vanessa Jaramillo Serrato

\* Nagpapahiwatig ng pagdalo sa lokasyon ng pulong nang personal



# Mga Tanong?

Kontakin ang DDS/Early Childhood and Youth Services Division (Dibisyon ng mga Serbisyo para sa Maagang Pagkabata at Kabataan)

**Email:** [earlystart@dds.ca.gov](mailto:earlystart@dds.ca.gov)

**Telepono:** (800) 515-2229

**Address sa Koreo:** 1215 O Street, MS 7-40  
Sacramento, CA 95814